



Editoryal

Mabigat na hatol ng mamamayang Amerikano laban sa rehimeng Bush

Sa pamamagitan ng kagaganap na eleksyon sa US, itinakwil ng mamamayang Amerikano ang rehimeng Bush at ang mga patakaran nitong pumipinsala sa mamamayang Amerikano at mga ina-abi nitong bansa. Sa pamamagitan ng kanilang mga boto, ipinamalas nila ang labis na pagkamuhi sa korap, sinungaling, anti-mamamayan at mapanupil na paghahari ni Bush at ng kanyang pangkat ng mga ultra-Kanang konserbatibo.

Sa naturang eleksyon—sa pagitan pangunahin ng dalawang magkaribal na kampo ng malaking burgesya sa US— inilampaso ang Republican Party ni George W. Bush at nakuha ng mga Democrat ang mayorya ng mga pwesto sa Senado, Kongreso at mga lokal na pamahalaan. Nagwakas ang mahigit isang dekadang paghahari ng mga Republican.


Pinakatampok sa tinututulan ng mamamayang Amerikano ang paglulunsad ng rehimeng Bush ng di makatarungang gera laban sa Iraq. Ang gerang ito ay todong sinuportahan ng partidong Republican at pinakinabangan ng malaking burgesyang kaanib nito. Nagngangalit ang mamamayang Amerikano sa napakalaking pinsalang idinulot ng

gera sa mamamayan ng US bukod pa sa pagsagasa nito sa kasarinlan at kagalingan ng mamamayan ng Iraq.

Di mapahupa ang galit ng mamamayan ng US sa pagkakalantad ng pagsisinungaling ng rehimeng Bush. Nalantad na pawang gawa-gawa lamang ni Bush at ng matataas niyang upisyal ang paratang na kabilang sa arsenal ng gubyernong Saddam Hussein ang mga sandata para sa maramihang pamiminsala at ang akusasyong nakikipag-al-yansa raw ito sa teroristang al Qaeda. Ginalawa ito upang bigyang-katwiran ang di makatarungang pagsalakay at pagwasak ng US sa Iraq noong 2003 at patuloy na okupasyon ng US dito.

Lalo lamang nalantad ang pagging buaan ng rehimeng Bush nang pilit nitong palabasin na matagumpay ang mga patakaran nito sa Iraq kahit napakalinaw na bigo ang US na sawatain ang lumalakas na paglaban ng mamamayang

Iraqi. Nasa ubod ng lahat ng ito ang hegemonistang doktrinang *"preemptive strike"* at permanenteng "gera kontra-terorismo" ni Bush, at unilateral na pagbalewala sa pambansang kasarinlan ng ibang bansa, mga alituntuning internasyunal, mga pinirmahang



**Mga tampok
sa isyung ito...**

Internasyunal na pagbatikos kay Arroyo
PAHINA 6

**Ibayong paramihin
ang mga platur
ng BHB—PKP** PAHINA 9

**Umaalingasaw
na korapsyon**
PAHINA 11

kasunduan at maging sa kapakanan ng mamamayan sa sariling bansa.

Pasanin ng mamamayang Amerikano ang gera sa Iraq. Napakalaking pondo at rekursong ibinubuhos dito ng rehimeng Bush—pondong nakalaan sana sa pagtitiyak ng kanilang kagalingang panlipunan at kaligtasan sa mga sakuna. Lalong mabigat ang paparaming kaswalti ng US at ang idinudulot nitong matinding hinagpis sa mamamayang Amerikano. Kinamumuhian din ng mamamayan ng US maging ang nalalantad na pagpatay sa mga inosenteng sibilyan, pagtortyur sa mga bilanggo at iba pang pang-aabusong ginagawa ng mga mananakop na pwersang militar ng US sa Iraq.

Bukod pa sa mga ito, nalantad sa mamamayan ng US ang sobrasobrang kasakiman at malakihang korapsyon ng pinakamalalapit na kroni at kasosyo nina Bush, Bise Presidente Richard Cheney at kanilang kasapakat. Sila ngayon ang humuhuhot sa rekursong langis ng Iraq at nagpapakabundat sa mataabang kontratang militar para magsuplay ng mga kagamitang pandigma, malalaking proyektong "rekonstruksyon" at pribatisasyon

ng maraming gawaing militar sa Iraq.

Dagdag pang nabunyag bago ang eleksyon ang mga anomalya sa pangangalap ng pondo para sa kampanyang pang-eleksyon at ang samutsaring iskandalong kinasangkutan ng mga kapartido ni Bush. Nabunyag din ang pagkunsinti niya sa laganap na korapsyon at iba pang katiwalian sa halos lahat ng andana ng gubyerno.

Itinakwil din ng mamamayan ang pambabaluktot ng rehimeng Bush sa mga prosesong konstitusyunal, pagpapasa ng mga batas at pagsasagawa ng mga hakbanging labis na mapanupil at labag sa mga karapatang sibil ng mamamayan. Kabilang sa mga ito ang Patriot Act, ang maraming kaso ng pagtortyur sa mga pinararatanang teroista na tahasang bumalewala sa mga pandaigdigang kumbensyon at makataong batas at ang pagsasagawa ng malawakang surbeylans sa mga telefono at *email* ng daandaang milyong karaniwang mamamayang Amerikano.

Bukod sa mga ito, gumatong nang husto sa kanilang galit sa rehimeng Bush ang pagbagsak ng kabuhayan ng nakararaming mahihi-



rap na mamamayan at paglala ng disempreyo sa harap ng garapalang katiwalian at sobra-sobra ganasya ng mga monopolyo kapitalista, laluna yaong mga pinakamalapit sa pangkating Bush.

Ang pagtatakwil kay Bush at partidong Republican ay hindi magtatapos sa nagdaang eleksyon. Para sa mamamayang Amerikano, panimulang tagumpay ito sa layuning wakasan ang mapang-api at mapang-abusong paghahari ni Bush. Sa pamamagitan nito, ipinataw ng mamamayan sa balikat ng mga Democrat ang responsibilidad na ibasura ang masasahol na patakaran ng panloob at panlabas ng ultra-Kanang pangkating Bush at hadlangan ang lalo pang pagsahol ng paghahari ng mga ito.

Mahigpit na mamanmanan ng mamamayang Amerikano ang pagpapatupad ng mga Democrat sa mga pangako nitong magbalangkas ng plano para tapusin na ang gera sa Iraq at iuwi na ang mga tropang Amerikano roon. Masusing susubaybayan ng mamamayan ang mga isasagawang pag-iimbestiga at pagreresolba sa mga problemang idinulot ng iba pang mga patakaran at hakbangin nina Bush. Aasanhan ng mamamayan ang mga mapagsyang aksyon sa panig din ng mga Democrat para hindi na makapangyari pa ang pangkating Bush, kabilang na ang patutulak ng prosesong *impeachment* sa kagyat, at paggawa ng lahat para tuluyang

ANG Bayan

Taon XXXVII Blg. 22 Nobyembre 21, 2006

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wika ng Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong *i-download* mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.net

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng *email* sa: angbayan@yahoo.com

Nilalaman

Editoryal	1
Arroyo, nangangambang matulad kay Bush	3
Rumsfeld, isinakripiso	4
Pananalanta ng pasistang estado	
Lider-magsasaka sa Cagayan, pinaslang	4
Kasong libelo, panupil sa midya	5
Internasyunal na pagbatikos kay Arroyo, lalong lumalaganap	6
Pagpapalaganap ng doktrinang Intengan, binatikos	7
Mga magsasaka ng Palo, pinawalang-sala	8
Palayain ang Sagada	8
Mapangahas na ibayong paramihin ang mga platin ng BHB	9
Umaalingasaw na korapsyon	11
Balita	13

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

mapatalsik ang pangkating Bush at hindi na makapanumbalik pa ang Republican Party sa susunod na eleksyon presidensyal sa 2008.

Tiyak na pagbabayarin nang mahal ng mamamayan ang anumang pagtatradyor at pagbibitiw ng mga Democrat sa mga inaasahang tungkuling ito. Matamang babantayan ng mamamayan Amerikano ang anumang pakikipag-areglo ng mga Democrat sa rehimeng Bush.

Mangangailangang masundan ang tagumpay ng mamamayan sa halalan ng kanilang tuwiran at malawakang pagkilos upang lubos na wakasan ang mga mapang-abuso at mapaniil na patakaran nina Bush. Ang pagbubuo at paglaganap ng malawak na kilusang masa sa hanay ng mamamayan Amerikano ang siyang magtitiyak na di masasayang ang natamong pаниmulang tagumpay sa nagdaang halalan. Mahalagang masagpang ng mga rebolusyonaryo at progressibong pwersa ang kasalukuyang mainit na sitwasyon sa US sa pamamagitan ng aktibong pagmulat, pag-oorganisa at pagpapakilos para maisulong ang kilusang masang puspusang makikipaglaban para sa katarungan, demokrasya at pagrespeto sa mga karapatan ng mamamayan.

Katulad noong panahon ng gera ng US sa Vietnam, maaasahang magiging bahagi ng malawak na kilusang masa sa US ang isang laganap at masiglang kilusan para sa kapayapaan at laban sa mga imperyalistang gera at pananakop ng US sa ibang bansa. Kailangang iugnay at sumuporta ang kilusang ito sa pandaigdigang kilusang anti-imperyalista at pangkapaya-paan, gayundin sa mga kilusan para sa pambansang kasarinlan, demokrasya, katarungang panlipunan at kaunlaran ng mga mamamayan sa ibang mga bansa. AB

Nangangamba si Gloria Arroyo na matulad kay Bush

Nangangatog ang tuhod ni Gloria Arroyo sa takot na mangyari sa kanya sa darating na eleksyon sa 2007 ang pagkakalampaso kay Bush at kanyang mga kapartido sa nakaraang eleksyon sa US.

Marami ang umaasa na sana nga'y maging daan ang eleksyon 2007 sa Pilipinas para maitakwil na si Arroyo. Anila, tulad ni Bush, si Arroyo ay marami ring kinakaharap na mga kaso ng korapsyon at anomalya at inaakusahan ng pandaraya sa eleksyon. Sunud-sunod rin ang kanilang mga pagsisinungaling, at kapwa malala ang kanilang responsibilidad sa pagtindi ng disempreyo at kahirapan ng masang anakpawis at mga panggitnang pwersa at sa malawakang pagyurak sa karapatang-tao.

Labis na kinatatakutan ni Arroyo na mapanatili ng oposisyon ang mayorya sa Senado at makuha ang sangatlo ng Kongreso sa darating na eleksyon. Kung magkagayon, tuluyang maisulong na ang prosesong *impeachment* laban sa kanya at mabibigyang-daan ang pagsasakdal at paglilitis sa kanya sa Senado sa mga kaso ng korapsyon, pandaraya sa eleksyon at mga paglabag sa karapatang-tao.


Malaki ang pangamba rito ni Arroyo at mga alipures niya kaya kaliwa't kanan ang kanilang mga maniobra para mabago ang konstitusyon at sikaping mapigilan ang eleksyon sa 2007.

Dahil sa kabiguan ng pekeng "people's initiative" at malamang

na kabiguan din ng pinapaspasang planong itransforma ang Kongreso sa isang Constituent Assembly kahit di kalahok ang mayorya ng mga senador, nanganganib nang di matupad ang Cha-cha sa taong ito. Kaya tulad ng ginawa ng kampong Arroyo sa eleksyon noong 2004, sisikapin nitong muling mandaya, manuhol at mambraso sa darating na halalan upang patuloy nitong mahawakan ang ma-higit dalawang sangatlo ng Kongreso at malaking mayorya ng mga pamunuang lokal, laluna sa pinakamalalaking syudad sa pambansang kabisera.

Ngayon pa lamang ay bilyun-bilyong pondo na ng gubyerno ang inihahanda ng kampong Arroyo sakaling matuloy ang nakatakdang eleksyon sa 2007. Sa ganitong paraan, sisikapin nina Arroyo na huwag mangyari sa kanyang pangkatin ang malubhang kabiguang dinanas ng Republican Party ni Bush sa US.

Ngunit ang pagpipilit ng kampong Arroyo na gumawa na naman ng desperado at garapal na mga pamamaraan para nakawin ang eleksyon sa 2007 ay aani lamang ng mas matindi at mas malawakang galit ng mamamayan. Magsisilbing malaking gatong ito sa pagsiklab ng mas maiigting at mas laganap na paglaban ng mamamayan, at pag-aalsa maging ng malaking bahagi ng sandatahang pwersa ng estado. AB





Rumsfeld, isinakripisyo

Para tusong mailigtas ang sarili sa dagdag na kahiyian, isinakrispisyong ni George W. Bush ang kanyang Defense Secretary ilang oras matapos ang eleksyon. Ito ay sa harap ng malawakang pagwawaksi ng mamamayang Amerikano sa patakaran ng rehimeng Bush sa pananalakay at patuloy na okupasyon ng US sa Iraq. Ito ang ipinahiwatig ng mamamayang Amerikano sa pamamagitan ng nagdaang halalan.

Pinagbitiw ni Bush si Rumsfeld kinaumagahan matapos ang eleksyon. Malaon nang hinihingi ng mamamayang Amerikano, ng oposisyon at maging ng ilang kapartido ni Bush at upisyal ng Pentagon ang pagsibak kay Rumsfeld dulot ng malalaking pagkamali sa estratehiya at pagpapatakbo niya sa gera sa Iraq.

Ilang araw bago ang eleksyon sa US, iginiit sa pamamagitan ng isang nagkakaisang pahayag ng iba't ibang sangay ng militar ang pagpapatalisik kay Rumsfeld. Kumalat sa iba't ibang dyaryo, kabilang ang apat na pahayagang militar sa US ang reaksyon ng iba't ibang sangay militar sa ipinahayag ni Bush na lubusang pagtiwala at pagsuporta kay Rumsfeld at ang planong panatilihin siya sa Department of Defense habang nananatili siyang presidente. Anila, "Bigo ang estratehiya ni (Rumsfeld) at humina na ang kanyang kakayahang mamuno. At kahit responsibilidad niya ang bulto ng mga kabiguan natin sa Iraq, ang buong bigat nito ay babalikatin ng ating mga tropa."

Si Rumsfeld ang isa sa pinakamasusugid na ultra-Kanang upisyal sa gabinete ni Bush at siyang nagdisenso ng planong paglusob at pagsakop ng US sa Iraq. Siya rin ang pasimuno ng mga kasinungalingang ginamit ni Bush para bigyang-katwiran ang pagsalakay at patuloy na pagsakop sa Iraq. Ang kabilang batikos sa malinaw nang mga kabiguan ng US sa Iraq ay di kailanman tinanggap ni Rumsfeld. Bagkus, palagi niyang sinasabi na nalilipol ang mga kaaway at nagtagatagumpay ang gera ng US sa Iraq. Ang pagsibak sa kanya ay kapwa palatandaan at pag-amin ng kabiguan ng patakaran ng rehimeng sa Iraq.

Matapos siyang pagbitiwin, nagsampa ang Center for Constitutional Rights sa US at Republican Lawyers' Association sa Germany ng mga kasong kriminal laban kay Rumsfeld. Inakusahan siya at 11 iba pang upisyal ng gubyerno at militar ng US ng mga krimen sa digma (*war crimes*) dahil sa pagtortyur at iba pang pang-aabuso sa libu-libong ibinilanggo ng US sa Abu Ghraib sa Iraq at Guantanamo sa Cuba.

Ipinalit kay Rumsfeld bilang kalihim ng DND si Robert Gates, direktor ng US Central Intelligence

Lider-magsasaka sa Cagayan, pinaslang

Walang humpay ang kampanya ng pamamaslang ng rehimeng Arroyo sa mga lider at myembro ng mga progresibong organisasyon. Tampok ang karumal-dumal na pagpatay sa isang panrehiyong lider-magsasaka sa Cagayan Valley at tangkang pagpatay sa lider ng BAYAN sa Ilocos Sur nitong Nobyembre. Sumusunod ang pinakahuling tala ng mga paglapastangan sa karapatang-tao na nakalap ng AB.

Nobyembre 16. Dinukot at pinaslang ng mga myembro ng *death squad* sa Barangay Hamorawon, Bulan, Sorsogon si Tomas Mesa, 41, myembro ng Bayan Muna. Natagpuan ang kanyang bangkay noong araw ding iyon sa Barangay Polot sa parehong bayan. May mga paso ng sigarilyo at iba pang bakas ng tortyur ang bangkay ni Mesa. Pinaslang siya sa mismong araw na ginugunita ang unang anibersaryo ng pagkakapaslang kay Ricardo "Ding" Uy, pangkalahang kalihim ng Bayan Muna-Sorsogon.

Noong araw ding iyon ay dinukot ang tatlong myembro ng Anakpawis sa Angeles City, Mabalacat at San Fernando, Pampanga—sina Jonel Lumabe, Romulos Robinos at Ryan Supan. Sila ay nakakulong sa kampo ng 69th IB sa bayan ng Mexico. Hindi pa rin sila inililitaw ng AFP.

Nobyembre 12 at 13. Dinukot sa kanyang bahay sa Barangay Lungib, Pilar, Sorsogon nitong Nobyembre 13 si Domingo Marbella. Isang araw bago ito, di-

Sundan sa "Lider..." sa pahina sa 5

Agency mula 1991-93 at malapit na kaibigan ni dating Presidente George Bush Sr., ama ng kasalukuyang presidente. Isa si Gates sa mga myembro ng Iraq Study Group, isang espesyal na grupo na inatasan ng Kongreso ng US na repasuhin ang estratehiya ni Bush sa Iraq at maghanap ng mga alternatibong paraan para matapos na ang gera roon. Noong 2004, isa rin si Gates sa mga beteranong Republican na tumutol sa patakaran ng nakababatang Bush sa Middle East.

AB



"Lider..." mula sa pahina sa 5

nukot mula sa isang restawran sa Pilar si Bernardito Caporal. Sina Marbella at Caporal ay kapwa mga magsasakang pinararatangan ng militar na mga myembro ng Bagong Hukbong Bayan (BHB). Hindi pa rin sila inililitaw hanggang ngayon.

Nobyembre 11. Binaril at napatay si Joey Javier, 42, taga-Barangay Caruppian, Baggao, alas-8:50 ng umaga sa Barangay Centro, Baggao, Cagayan. Si Javier ay direktor ng Sto. Domingo Farmers Cooperative at pinuno ng Caguimongan Dagiti Mannalon iti Cagayan Valley, rehiyunal na organisasyon ng mga magsasaka at kapatid na organisasyon ng KMP. Papasakay si Javier sa traysikel kasama ng isa pang myembro ng Caguimongan nang biglang lapitan ng dalawang lalaking nakamotorsiklo at armado ng kalibre .45 pistola. Pinagbabaril nila si Javier at pagkatapos ay agad na tumakas. Ang lugar na pinangyarihan ng krimen ay mga 100 metro lamang ang layo mula sa detachment ng 17th IB.

Nobyembre 9. Inambus at tinamaan sa binti si Rev. Billy Austin, 39, sa Vigan City. Siya ay pastor ng United Church of Christ in the Philippines at tagapangulo ng Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN) sa Ilocos Sur. Papunta siya at ang kanyang tatlong kasamahan sa upisina ng BAYAN sa Vigan nang bigla siyang pagbabarilin ng dalawang lalaking nakasakay sa motorsiklo. Kasalukuyang nakaratay sa ospital si Austin.

Nobyembre 4. Dinukot at tinortyur ng magkasanib na pwersa ng 27th at 39th IB sina Lourilie Naiz, 22, at Mary Bernadette Solitario, 21, sa Tulunan, North Cotabato. Ang dalawa ay parehong nasa istap ng Disaster Response Center

Kasong libelo, panupil sa midya

Pinanawagan ng National Union of Journalists in the Philippines (NUJP) na huwag nang ituring na krimen ang libelo dahil patuloy itong ginagamit upang gipitin ang mga mamamahayag. Nilagdaan ang petisyon ng mahigit 600 mamamahayag. Kasabay nito, naganawagan din ang Center for Media Freedom and Responsibility (CMFR) sa lahat ng mga organisasyon ng midya, mga grupo ng abugado at mga grupo ng karapatang-tao na magkaisa at labanan ang pang-aatake ng rehimeng Arroyo sa kalayaan sa pamamahayag.

Ang panawagan ng NUJP ay bunsod ng tangka ng Manila Police District na arrestuhin noong Nobyembre 13 si Mia Gonzales, isang reporter ng *Business Mirror*, sa loob mismo ng Malakanyang kaugnay ng kasong libelo na isinampa ni Mike Arroyo, asawa ni Gloria Arroyo. Hindi nadakip si Gonzales dahil nagkataong wala siya noon sa upisina ng Malacañang Press Corps (MPC). Si Gonzales ang tumatayong *vice president for print* ng MPC.

Naganap ang panggigipit kay Gonzalez isang araw makaraang pagbantaan si Ellen Tordesillas, kolumnista ng *Malaya*. Sina Gonzales at Tordesillas ay kabilang sa 43 mamamahayag na sinampahan ng kasong libelo ni Mike Arroyo. Humihingi siya ng kabuuang ₱70 milyon danyos sa 13 kasong libelong kanyang isinampa.

Ayon kay Rowena Carranza-Paraan, pangkalahatang kalihim ng NUJP, halos dalawang mamamahayag kada linggo ang tumatanggap ng mga mapagbantang mensahe sa kanilang mga *cellphone*. Karamihan ng mga binibikta ay mga mamamahayag sa prubinsya. Pinakamalaking bilang dito ay nagsula sa Mindanao at Southern Tagalog. Karaniwan, ang mga pagbabanta ay may kaugnayan sa mga balitang naisulat o naibrodkas laban sa mga lokal na pulitiko o mga anti-mamayang kampanya ng militar.

Umaabot na sa 83 mamamahayag ang napapaslang mula 1986. Halos sangkatlo ng mga biktima ay pinaslang mula 2004 hanggang 2006, ayon sa talaan ng NUJP. AB

(DIRECT), isang institusyon ng naka-tuon sa paghahanda at pagharap sa mga sakuna (*disaster preparedness*). Pinararatangan silang mga myembro ng BHB at isinangkot sa pambobomba sa Makilala noong Oktubre 10. Dinala sila sa Camp Sumabat ng 39th IB kung saan sila ininterogeyt at binugbog. Pinirinangan sila, pinaghahadat at hinipuan ng mga nag-iinterogang sundalo. Pinalaya sila kinabukasan, matapos magrekamo ang kanilang mga pamilya at tumulong ang meyor ng Tulunan.

Sa Nueva Ecija, naglabas ang

Philippine Army ng *shoot-to-kill order* laban kay Maximo Ayunga, konsehal ng Barangay Culong, Guimba at tagapangulo ng Alyansa ng Magbubukid sa Gitnang Luzon-Nueva Ecija. Kabilang din sa mga papatayin ang ama at kapatid ni Ayunga.

Oktubre 30 hanggang sa kasalukuyan. Umaabot sa 86 na pamilya ang lumikas mula sa mga bulubunduking baryo ng Basey, Samar nitong unang linggo ng Nobyembre bunga ng matinding operasyong militar ng 62nd IB.

Ayon sa Leyte Center for Deve-



lopment, Inc. (LCDE), ang *non-governmental* na organisasyong tumutulong sa mga bakwit, nagsimulang magsilikas ang mga residente ng Sityo Bagti, Barangay Mabini patungong sentro ng baryo nang maghasik ng lagim ang mga tropa ng 62nd IB na pinamumunuan ni Col. Arturo Pascua. Anila, ipinatawag at isinailalim sa matinding imbestigasyon ng mga sundalo si Romulo Mabang, ang punong barangay ng nasabing lugar. Pilit nilang pinaaamin si Mabang na isa siyang kasapi ng BHB. Pinagbubugbog siya nang itanggi niya ang paratang ng militar.

Unang nangyari ang pambubugbog na ito noong Oktubre 30 sa kapilya ng Bagti at naulit ito noong Nobyembre 2 at 3. Sa matinding takot, lumikas ang mga taumbaryo at hanggang ngayo'y hindi pa sila nakababalik sa kanilang mga tahanan dahil sa nagpatuloy na operasyong militar laban sa BHB. Karamihan sa mga nagsibakwit ay mga kabataang may edad na 17 pababa. Sa ngayon ay nakikituloysila sa kanilang mga kamag-anak at mga kakilala.

Oktubre hanggang sa kasalukuyan. Apat na lokal na upisyal sa Ilocos Sur ang pinagbantaang patayin noong Oktubre at isa sa kanila ang dinukot na kamakailan. Dinukot nitong Nobyembre si Berto Galicia, kapitan ng Barangay Tablac sa Candoc City, Ilocos Sur matapos siyang padalhan ng itim na laso. Bago ito, pinadalhan din ng itim na laso sina Franklin Dungalen, presidente ng Association of Barangay Councils sa Ilocos Sur; Rogelio Biteng, konsehal ng Salcedo, Ilocos Sur; at Robert Tuydayan, konsehal ng Candon City. Pawang mga aktibong tagasuporta ng BM ang pinagbantaang mga lokal na upisyal.

AB

Patuloy ang internasyunal na pagbatikos kay Arroyo

Kabi-kabilang batikos ang tinamo ng rehimeng Arroyo nitong Nobyembre mula sa iba't ibang dayuhang grupo dahil sa marumi at madugo nitong rekord sa paglapastangan sa karapatang-tao.

Ipinahayag nitong Nobyembre 15 ng mga upisyal ng Episcopal Church of the United States na pinaghahandaan nila ang pagsasadokumento ng mga paglabag sa karapatang-tao sa Pilipinas. Kaugnay nito ay nakatakdang dumating sa bansa sa Disyembre si Rev. Brian Canon Grieves, direktor ng Peace and Justice Ministries ng naturang simbahan. Bago ito, nanawagan kay Arroyo si Most Rev. Katharine Jefferts Scori, kataas-taasang obispo ng simbahan na itigil na ang kampanya ng pampolitikang pamamaslang sa bansa.

Dumating naman nitong Nobyembre 16 ang isang siyam-katong *fact-finding team* mula sa Canada na binubuo ng mga abugado, unyonista, lider ng komunidad at tagapagtuguyod ng karapatang-tao para siyasatin ang dumara-



ming mga kaso ng paglabag sa karapatang-tao, laluna sa karapatang unyon. Ani Atty. Luningning Alcuitas, *coordinator* ng Philippine-Canadian Task Force for Human Rights, lubhang nababahala ang mga taga-Canada sa iniuulat na talamak na mga pang-aabuso sa karapatang-tao at iba pang kawayang sibil sa Pilipinas. Iniimbestigahan ng *fact-finding team* na kinabibilangan ni Attorney Alcuitas ang mga kaso ng mga ekstrahudisyal na pamamaslang at mga atake sa mga unyon at grupong pampolitika, partikular sa Quezon, Tarlac at Abra.

Subalit hindi nakausad ang unang arangkada ng kanilang imbestigasyon sa Quezon mula Nobyembre 17 hanggang 20 dahil hindi sila pinayagan ng 74th IB na kapanayamin ang mga biktima ng kalupitang militar sa bayan ng San Narciso. Ilang buwan nang naghahari ang mistulang batas militar sa San Narciso bunga ng operasyon ng Reengineered Special Operations Team.

Kasabay nito ay nanawagan din ang Association of Generals and Flag Officers, grupo ng mga retiradong matataas na upisyal ng AFP, na ideklarang *persona non grata* o huwag nang papasukin sa bansa ang Amnesty International dahil sa makaisang-panig umanong mga ulat nito na nagdidiin sa militar sa mga paglabag sa karapatang-tao.

Sa kabila ng pagtatangka ng rehimeng Arroyo at mga galaymay nito na hadlangan ang



pagsisiyasat, hindi na nila maitatago pa ang lala at lawak ng mga paglabag nito sa karapatang-tao. Batay sa pinakahuling tala ng KARAPATAN, umaabot na sa 766 na aktibista ang naging biktima ng pampulitikang asasinasyon mula nang maluklok sa poder si Arroyo noong Enero 2001.

Katunayan, tinukoy ng unyonistang si Beth Grayers, myembro ng tim ng mga aktibistang Canadian na nagpunta sa Tarlac, na lumaki ang bilang ng mga ekstrahudisyal na pamamaslang at panggigipit sa mga unyon nitong nakaraang dalawang taon. Isa sa pinakamatingkad na kaso ang masaker sa Hacienda Luisita noong Nobyembre 2004 kung saan pitong welgista ang namatay at mahigit 100 ang nasugatan nang pagbabarilin sila ng mga elemento ng militar at pribadong bantay. Nitong Setyembre naman ay marahas na binuwag ng mga pulis ang piketlayn ng mga manggagawa ng Cavite Export Processing Zone sa Cavite. (*Basahin ang karagdagang detalye sa isyung Nobyembre 7, 2006 ng Ang Bayan*)

Bilang reaksyon sa marahas na pagbubuwag na ito, sinulatan si Arroyo ng pitong nangungunang kumpanya sa *retail* (pagtitangi) sa US na kliyente ng mga pabrika ng damit sa Pilipinas para ipanawagan ang pagtatanggol sa karapatan ng mga manggagawa at paggalang sa mga karapatang-tao. Kasunod nito, sinabi ng Joint Foreign Chambers of Commerce ng US sa isang parhayag nitong Nobyembre 13 na ang pamamaslang bilang paraan ng paglupig sa mga kaaway sa pulitika ay "walang lugar sa isang modernong demokratikong estado". Nitong Nobyembre 15 naman ay inilabas ng Hong Kong Mission for Human Rights and Peace in the Philippines ang ulat nitong nagsasaad na bigo ang gubyernong Arroyo na proteksyunan ang mamayang Pilipino, at masahol pa'y malamang na may kinalaman ito sa kampanya ng asasinasyon laban sa mga maka-Kaliwang grupo.

Samantala, iba't ibang grupong manggagawa sa 12 bansa ang nagpiket noong Nobyembre 16 sa harap ng mga embahada at konsulada ng Pilipinas para ijiit ang pagpapatigil sa pamamaslang ng mga aktibista dito sa bansa. Ang mga piket ay inilunsad para gunitain ang International Day of Action Against Trade Union and Political Killings. Naglunsad rin ng mga kilos protesta ang Kilusang Mayo Uno sa Maynila at iba pang syudad sa Pilipinas noong araw ding iyon.

AB

Pagpapalaganap ng doktrinang Intengan, binatikos

Mariing binatikos ng mga militanteng grupo at ilang mambabatas ang kampanyang indoktrinasyon isinasagawa nina Fr. Jose Romeo "Archie" Intengan Jr. ng Partido Sosyalista Demokratiko ng Pilipinas (PDSP) sa mga elemento ng Armed Forces of the Philippines (AFP). Ang paglulunsad ng serye ng mga seminar na iniutos ni Gloria Arroyo ay naglalayong siraan at bansagang "mga kaaway ng estado" ang mga personahe at mga organisasyong kritikal sa rehimeng Arroyo. Bukod kay Intengan, ang mga seminar ay inilulunsad ng mga pangunahing personahe ng kleriko-pasistang PDSP tulad nina National Security Adviser Norberto Gonzales (kasalukuyang presidente ng PDSP), Andy Gonzales (kapatid ni Norberto) at Charlie Avila.

Sa partikular, iginigiit sa mga seminar na dapat ituring na mga kombatant kapwa ang mga armadong myembro ng Bagong Hukbong Bayan at ang mga di armadong myembro ng mga ligal na organisasyong pinararatanang mga prenteng organisasyon ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP). Binibigyang-katwiran ng doktrina ni Intengan ang nagaganap na kampanya ng pagdukot at pagpaslang sa mga lider at myembro ng mga progresibo at demokratikong organisasyon at pagpupwera sa kanila sa larangan ng ligal at parlamentaryong pakikibaka. Ayon sa mga ulat, iniutos na rin ni Arroyo ang pagpapalaganap ng doktrinang ito sa masmidya at iba pang porum sa buong bansa.

Kabilang din sa mga itinuturong "kaaway ng estado" sina Pastor "Boy" Saycon at William Esposo ng Council on Philippine Affairs at ang ekonomistang si Alejandro Lichauco at maging mga oposisyunistang pulitikong kri-



Sundan sa "Pagpapalaganap...," sa pahina 8



Mga magsasaka ng Palo, pinawalang-sala

Apat na araw bago ang unang taong anibersaryo ng masaker ng siyam na magsasaka sa Palo, Leyte, pinawalang-sala at iniutos ng korte ang kagyat na pagpapalaya sa walong magsasaka na inakusahan ng 19th IB na mga myembro ng BHB at nakasagupa nila umano noong Nobyembre 21, 2005. Dala-wang gawa-gawang kaso na ng *illegal possession of firearms* na isinampa laban sa kanila ang ibinasura na ng korte.

Ang mga kasong ito ay isinampa laban sa kanila sa pagtatangkang pagtakpan ang pagmasaker ng mga elemento ng 19th IB



sa di armadong mga myembro ng mga lehitimong organisasyong magsasaka noong 2005. Sa tinaguriang "Masaker sa Palo", siyam katao ang namatay matapos paulanan ng bala ng mga sundalo ang nagtitipong mga magsasaka na noo'y naghahanda para sa kanilang kampa-

nyang "balik-uma." Layunin ng kampanya na muling simulan ang pagbubungkal sa mga lupang iginawad na sa kanila ng Department of Agrarian Reform. Ang mga dumalo roon ay mga myembro ng San Agustin Farmers-Beneficiaries Cooperative (SAFABENCO), Alang-alang Small Farmers Association (ASFA) at Bayan Muna. Matapos ang masaker, hinakot ng mga sundalo ang nakaligtas, kinasuhan at ipinakulong. Isa sa kanila, si Joselito Tobe, ay namatay habang nakakulong dahil sa mga sugat na tinamo mula sa masaker.

Para makamit ang hustisya para sa namatay nilang kasamahan, sasampahan ng mga magsasaka ang mga elemento ng 19th IB ng mga kaso ng pagpatay, pagtatangkang pagpatay at pagnanakaw. Kasama sa mga kakasuhan si Maj. Louie Dagoy, kumander ng 19th IB at mga sibilyang sangkot sa masaker. **AB**

Palayain ang Sagada 11

Nagrali sa harap ng Baguio Justice Hall noong Nobyembre 11 ang mga kaibigan at pamilya ng siyam na kabataang nakabimbin sa Benguet Provincial City Jail sa La Trinidad. Ang siyam na nakakulong ay bahagi ng isang barkada ng 11 kabataan na tumungo sa Baguio City noong Pebrero 14 para makipista at pumunta sa Sagada, Mountain Province para mamasyal.

Ang siyam na kabataan ay iligal na inaresto, ibinimbin at tinortyur matapos silang paratangan ng mga pulis na mga myembro ng BHB. Dinakip sila habang binabagtas nila ang Baguio-Bontoc Road (Halsema Highway). Inakusahan silang kabilang sa grupo ng mga Pulang mandirigma na nangreyd sa detatsment ng 54th IB sa Cabiten, Mankayan, Benguet ilang araw bago ito. Tinutukan, binugbog at iginapos na parang mga hayop ang kabataan bago sila dinala sa kampo ng PNP. Doon ay ipinailalim sila sa iba't ibang tortyur, kabilang ang pagkuryente, para paamining mga myembro sila ng BHB. Ang arbitraryong pang-aaresto at walang pakundangang paglabag ng PNP sa kanilang mga karapatang-tao ay desperadong tangka ng pulisia na pagtakpan ang karuwagan nito at tabunan ang malinaw na kamalian at inani nitong kahihyan sa harap ng mga tagumpay ng BHB sa rehiyon.

Sa kabilang kawalang-batayan ng mga akusasyon ng PNP, patuloy na ibinimbin ang mga kabataan sa kasong pagpatay at pagnanakaw. Ilang buwan matapos ang tuluy-tuloy na pagsisikap ng mga organisasyong nagtagataguyod ng karapatang-tao at mga demokratikong organisasyon sa Baguio, napilitan ang PNP na palayain ang dalawa sa 11 dahil menor-de-edad ang mga ito—isang 15-taong-gulang na babae at isang 16-taong-gulang na lalaki. **AB**

"Pagpapalaganap...," mula sa pahina 7

tiko ng rehimeng Arroyo.

Kaugnay nito, pinaiimbestigahan din ni Sen. Rodolfo Biazon ang naturang mga seminar dahil nagagamit umanong instrumento ang militar para isulong ang makasariling interes ng mga partidong pulitikal na malapit kay Arroyo. Ito'y matapos ibunyag sa Kongreso ni Rep. Rufino Biazon, anak ng senador, na idinadaos ang gayong mga seminar kahit sa mga pasilidad-militar tulad ng Officers' Club ng Philippine Marines sa Fort Bonifacio.

Inamin ni Intengan na ang inilulunsad nilang mga seminar ay bahagi ng programa ng Office of the National Security Adviser na pinamumunuan ni Gonzales. Sa ngayon, umiikot sila sa buong bansa upang ikampanya ang "pagdakip at pagkulong" sa mga lider at myembro ng mga binabansagang prenteng organisasyon ng PKP tulad ng BAYAN, PAMALAKAYA, Bayan Muna, KMU at iba pa. **AB**

Mapangahas na paramihin ang mga platun ng BHB

Tuluy-tuloy na umiinam ang kalagayan upang pukawin at pakilusin ang mamamayang Pilipino para sa armadong rebolusyon. Ito ay sa harap ng walang habas na pasistang terorismo ng reaksyunaryong rehimeng Arroyo at ng hindi na matiis na pambubusabos na nagtutulak sa malawak na masa ng sambayanan na mag-alsa at lumaban.

Ito ang batayan ng panawagan ng Partido Komunista ng Pilipinas para sa mapangahas na pagpapalaki at pagpapalakas sa BHB at pag-paaigting ng pakikidigmang gerilya. Laman ito ng memorandum ng Komiteng Tagapagpaganap ng Komite Sentral (KT-KS) nitong Setyembre 30.

Ayon sa KT-KS: "Krusyal ang mas mabilis na paglawak ng hukbong bayan at pagbubuo ng mas marami pang platung gerilya para mabuo ang laking-kumpanyang mga larangang gerilya sa mas maraming distrito, palitan ang mga nalalagas sa cadre at tauhan, at pag-ibayuhin ang kakayahang pagtingin ang pakikidigmang gerilya sa buong kapuluhan."

Upang mapag-ibayo pa ang pagpapalak ng BHB, kailangan itong masinop na pagplanuhan, buuin ang karapatang mga istruktura sa rekrutment at konsolidasyon at aktibong mapakilos ang masa at lahat ng sangay ng Partido at mga rebolusyonaryong organisasyong masa para sa lalong pagpapalakas ng hukbong bayan.

Planado at sistematikong rekrutment

Sa kasaysayan ng BHB, may mga taong nagagawa ng ilang mauunlad na rehiyon na makapag-rekrut ng katumbas ng isang batalyon o humigit-kumulang 300 bagong mandirigma sa isang taon. Sa ilang prubinsya, nagagawang makapagrekrut ng 100 bagong mandirigma sa isang taon. Sa inam ng kasalukuyang sitwasyon, maaaring tumbasan o higitan ng BHB ang ganitong naabot nang kakayahang sa nakaraan.

Kaugnay nito, inilatag ng KT-KS ang mahihigpit na tagubilin. Kagyat na kinakailangan ang sistematisikong pagpoproseso ng mga nag-boboluntaryong sumapi sa BHB. Kabilang dito ang pag-aaral sa rekondasyon ng mga kinauukulang yunit ng Partido o organisasyong masa, ang pagtiyak sa kahandaan ng nagboboluntaryo at pagtugon sa mga pamantayan sa edad at mahuay na pangangatawan at pag-iisip.



Ang bawat sangay ng Partido sa baryo, milisyaya at mga rebolusyonaryong organisasyong masa ay kailangang magbuo ng tiyak na programa ng pagrerekrut para sa mga platun ng BHB. Kabilang dito ang target na bilang at kalidad ng mga marerekrut, pagtukoy sa mga prospek, pagtiyak sa mga pamantayan, pagsubaybay at paghahanda sa kanila. Kailangang matiyak na may sasalo sa mga gawain at mga katungkulang ng mga sasapi sa BHB upang patuloy na sumulong ang mga organisasyon at pakikibaka sa mga baryo.

Kailangan ding may programa sa pagrerekrut sa antas ng laranang gerilya, prubinsya at mga rehiyon. Ang gawaing ito ay kailangang pangunahan ng mga namumunong komite ng Partido sa pamamagitan ng regular na taktikal na pagpuprograma, tuluy-tuloy na pagsubaybay, pana-panahong pag-sisiyasat, pagtatalaga ng mga cadre at paglutas sa mga problema.

Habang nagbibigay-diin sa pagrerekrut mula sa hanay ng mga magsasaka sa kanayunan, kailangang pagplanuhan ang pagrerekrut din ng malaking bilang ng mga intelektwal, laluna mula sa hanay ng mga kabataan-estudyante at manggagawa, upang mapalakas ang bag-as ng mga cadre at pamunuan

ng Partido at kumand ng BHB. Paалиangngawin ang panawagan sa mga rebolusyonaryong pwersa sa kalunsuran na magtungo sa kanayunan at sumanib sa BHB. Bigyan din ng partikular na pansiñ ang pag-oorganisa sa mga kabataan-estudyante sa loob at paliqid ng mga sonang gerilya.

Itayo ang mga kwerpo sa depensa sa mga rebolus-

yonaryong organisasyong masa sa kalunsuran at ang iba't ibang tipo ng organisasyong nakatuon sa pagpapalakas ng suporta ng kilusan sa kalunsuran sa armadong pakikibaka.

Pangalagaan ang mga pwersa

Sa proseso ng digmaan, natural at katanggap-tanggap ding may pagkabawas sa hanay ng mga mandirigma bunga ng mga kaswalti sa labanan, pagkakasakit o pagtanda. Mayroon ding hindi makayanan ang mga sakripisyo at kahirapan, di mapangbabawan ang mga kaisipang pyudal o burges o nahahatak ng mga problemang personal at pampamilya. Sa paglulutas ng mga ito, mahigpit ang tungkuling paunlarin ang pangangalaga sa mga pwersa at determinadong lutasin ang mga problema at pagkukulang dito.

Nagsisimula ang pangangalaga sa mga pwersa sa panahong pino-proseso pa sila bilang mga bagong rekrut. Ipatupad ang sistema ng pakikipanayam ng mga responsableness komite ng Partido at kumand ng BHB sa mga bagong rekrut. Sa gayon, tuwirang kinukumpirma ang kanilang talambuhay at rekord sa pulitika, mga layunin at kahandaan sa pagsapi at mga kakayahan, katangian at mga personal na sir-kunstansyang makabuluhan sa kanilang pagkilos, sa pagtatalaga sa gawain, sa kinakailangang paggabay at sa pagpapauunlad sa kanila. Bawat isa'y kailangang bigyan ng maikling oryentasyong naglalaman ng paglilinaw sa saligang katangan, mga tungkulin, patakaran at tuntunin ng BHB; pagkakaiba nito sa reaksyunaryong armadong hukbo; pag-aaral sa "tatlong puntong dapat sundin at walong puntong dapat tandaan"; partikular na gawain sa yunit na kinabibilangan; at mga punto sa saligang kasanayang militar.

Kailangang may sistema ng pag-alalay sa mga baguhan. Mag-

talaga ng isa o higit pang datihang mandirigmang tutulong sa bagong rekrut na makaakma at makaagapay sa araw-araw na buhay at gawain ng yunit, kabilang ang wastong pagdadala sa mga pisikal at emosyunal na kahirapan at pagharap sa mga gawain, kagipitan at sitwasyong militar. Alamin at lutasin ang mga problema sa pag-akma ng mga bagong rekrut. Bakahin ang sektrismo sa mga baguhan sa pangkalahatan, at sa partikular sa mga baguhang galing syudad. Likhain ang pinakamainam na kalagayan para sa tuluy-tuloy na pag-unlad ng mga bagong rekrut, at hindi dapat sumalig lamang sa determinasyon at pagkukusa nila.

Mahalaga ang masiglang formal at gayundin ang mga pangaraw-araw at napapanahong gawaing pang-ideolohiya sa loob ng yunit upang maitaas ang pag-unawa at pagsapol sa mga rebolusyonaryong prinsipyo at layunin at matiyak na laging buo at nagkakaisa ang pagkilos ng yunit, nasasagot ang mga katanungan o kalituhan at panatag ang loob ng bawat isa anuman ang mga kahirapang kinakaharap. Kabilang sa gawaing pang-ideolohiya ang matiyagang pagpapaliwanag sa kahalagahan ng iba't ibang tipo ng gawain ng yunit, mula sa pinakamaliit hanggang sa pinakamalaki; ang maagap na pagtatas sa mga gawain; at ang maagap na pagreresolba sa mga usapin sa pamamagitan ng pagpuna at pagpuna-sa-sarili.

Kailangang pasiglahin ang mga talakayang pampolitika upang maitaas ang kamulatang pampolitika ng yunit, masubaybayan ang mga isyu sa pulitika, ekonomy, militar at lipunan upang mapasigla ang gawaing edukasyon at propaganda sa masa at maiugnay ang iba't ibang gawain ng yunit sa kabuuang kalagayan ng bansa at takbo ng rebolusyonaryong kilusan. Mainam na maisagawa ang regular na mga



pulong-balitaan kapag nakatipon ang platon o mga grupo o iskwad o kung hindi nakatipon ay nag-iis-kedyul ng mga ganito. Gamiting materyales sa talakayan ang mga artikulo at balita sa *Ang Bayan*, mga pahayag ng Partido at NDFP at iba pang rebolusyonaryong lathala-in. Gamitin din ang ibang mga progresibong pahayagan at magasin, mga rebolusyonaryong rekord sa video at audio, at iba pa. Hasain ang bawat mandirigma sa iba't ibang isyu. Sanayin at engganyuhin ang mga kasapi ng BHB para manguna sa kampanya sa edukasyon pampolitika.

Kailangang tiyakin ang bag-as ng pamumuno laluna sa mga yunit na nakahiwalay sa sentro ng pamunuan o nakatalaga sa mga lugar na mahirap o kumplikado ang kalagayan. Tiyaking sapat ang bag-as ng pamunuan na may kaalaman at kasanayan sa kanilang partikular na mga tungkulin, may kakayahang mabilis na magsuri sa kalagayan, umangkop at lumutas sa mga problema, maglagom ng mga karanasan at humalaw ng mga aral sa mga negatibo at positibong karanasan. Tungkulin nitong mahusay na organisatin ang yunit, magtakda ng malinaw na hatian ng mga gawain, sumubaybay sa pag-sasakatuparan ng mga gawain at kalagayan ng mga pwersa at maagap na lumutas sa mga problema. Responsibilidad ng bag-as ng pamunuan na maging sensitibo sa mga problema at kala-

gayan ng mga pwersa, sa kalagayang pangkalusugan ng bawat isa, mga pangangailangan, katanungan o kalituhan upang maagap na matugunan ang mga ito.

Puspusang ipatupad ang demokrasya sa tatlong larangan sa loob ng yunit—ang demokrasya sa ekonomya, pulitika at militar. Bakahin ang mga pyudal at burges na ugnayan ng mga upisyal at mandirigma. Ito'y kalawang na mabilis na umuuk-ok at nagpapahina sa pagkakaisa at disciplina sa loob ng yunit. Kabilang sa mga ito ang komandismo na nakikita sa pag-aatas ng mga gawain ng mga nasa kumand na walang karampatang paliwanag o pagsisiyasat sa kalagayan ng mga pwersa o sa basta pag-aatas nang hindi lumalihok sa araw-araw na gawain ng yunit. Nakikita rin ito sa sektaryanistang pakikitungo sa mga kasamang nagkakamali tulad ng pagpapahiya sa kanila sa harap ng karamihan, paninisi o pagsesermon, pagtalakay sa iba ng puna sa isang kasama nang hindi pa siya kina-kausap at iba pang magaspang at padalus-dalos na mga paraan. Ang mahuhusay na upisyal ay hindi umangkin ng espesyal na pribilehiyo sa mga materyal na

bagay tulad ng sigarilyo, pagkain, kagamitan at iba pa. Gayundin, pantay-pantay niyang pinakikitunguhan ang bawat mandirigma sa usapin ng hatian sa gawain, rekuerso, dalaw at iba pa. Mapagkumbaba siya at hindi personal na atake o pagganti ang pagturing niya sa pagpuna ng mga mandirigma.

Pagsasanay-militar at kahandaang militar

Kailangang paunlarin ang kasanayan at kumpiyansa ng yunit sa kilos-gerilya at iba't ibang gawaing militar. Idaos ang mga pagsasanay-militar, mga *drill*, pagpapagana ng istrukturang militar, pagbubuo ng plano sa depensa, programa para sa mga kakayanan taktikal na opensiba at regular na pagpapatupad ng tatlong tsek-ap (sa uring pinagmulan, pagtupad sa mga gawain at kapasyahang lumaban). Maghanda ng mga kasong pinag-aaralan kaugnay ng mga taktikal na opensiba at mga depensibang labanan upang matuto sa mga ito.

Matutong makidigma sa pamamagitan ng aktwal na pakikidigma. At dapat gawin ito sa sistematisko, syentipiko at tuluy-tuloy na paraan. AB

Umaalingasaw na korapsyon

Isa ang Pilipinas sa mga pinaka-korap na bansa sa buong mundo, ayon sa Transparency International (TI), isang pandaigdigang organisasyong naglalabas tauntaon ng Corruption Perceptions Index o sukatang korapsyon. Ayon sa TI, kung sa usapin ng pagiging malinis, ang Pilipinas ay ika-121 sa 163 mga bansang sakop ng sarbey nito. Ito ay mula sa ranggong 117 noong 2005.

Nang igawad ng TI ang naturang grado, tumambad rin sa publiko ang iba't ibang bangong kaso ng korapsyon kinasasangkutan ni Gloria Arroyo at kanyang mga upisyal.


Sumusunod ang ilan lamang sa mga ito:

P500 milyon para sa proyektong *jatropha* na gagamitin sa elek-syon. Nagbitiw kamakailan si Eduardo Mañalac bilang presidente

ng Philippine National Oil Co. bilang pagtanggi na maging panibangong Jocelyn "Joc-joc" Bolante para sa Malakanyang. Isiniwalat ni Mañalac na inatasan siya ni Arroyo sa pamamagitan ni Economic Planning Secretary Romulo Neri na maglabas ng P500 milyon na palilitawing pampondo sa isang pambansang programa sa pagtatanim

ng punong *jatropha* o tangan-tangan para sa produksyon ng biodiesel. Dagdag pa rito ang P500 milyon ding ipinalalabas ng Malakanyang mula sa National Development Corporation para umano sa gayon ding proyekto.

Ang kabuuang P1 bilyong ito ay ipinalilipat ng Malakanyang sa Philippine Forest Corporation, na pinangangasiwaan ni Sec. Mike Defensor, *chief-of-staff* ng Malakanyang. Sa layunin umanong "makinatipid" sa pagpapatupad ng proyekto, pangungunahan ng Armed Forces of the Philippines, laluna ng Northern Luzon Command (NOLCOM) ang pagtatanim ng *jatropha*, gamit ang sariling mga tauhan, at ang tatamnan ay ang malalawak na lupaing saklaw ng mga kampo at iba pang pasilidad nito. Sadyang inililipat-lipat ng Malakanyang ang pondo at ibinabahagi ang responsibilidad sa "implementasyon" ng proyekto sa iba't ibang



ahensya at departamento upang madisimula ang daloy ng pondo at maikubli ang pagtitipon nito at iba pang pondong pangkampanya ng kampo ni Arroyo sa eleksyon sa Mayo 2007. Pangunahing tagapagtalon ng pondong ito si Secretary Defensor.

₱5 bilyon winawaldas ng Office of the President. Naisiwalat sa pagdinig na ginawa ng Senate Finance Committee hinggil sa panukalang pambansang badyet para sa 2007 na hanggang ₱5 bilyong pondong karaniwang hinihingi ng Office of the President ang nawawaldas, nagagastos sa mga walang katuturan bagay, inilalabas bilang *cash advance* at walang kaakibat na pag-uulat at pagkukwenta o basta na lamang "nawawala."

Halimbawa, di bababa sa ₱2 bilyon ang hinihingi para sa dating Bureau of Telecommunications na ngayon ay Commission on Information and Communications Technology (CICT). Gumagastos umano ito ng hanggang ₱1 bilyon bawat taon para sa mga operasyon nito at sa sweldo ng 5,000 empleyadong nagpapatakbo ng serbisyon telegrapo samantalang atrasadong teknolohiya na ito kumpara sa mas moderno at mas laganap na *email* at *cell-phone*.

Nabunyag din na ang naturang ahensya ang pinagmulan ng ₱800 milyong panimulang bayad para sa MegaPacific eSolutions Consortium na pinanggalingan ng mga depektibong *automated counting machines* na binili ng Comelec. Humihingi rin ang Malakanyang ng ₱650 milyon para sa *intelligence and confidential funds* kung saan ₱500 milyon ay ibibigay sa Presidential Anti-Organized Crime Commission (POACC) na wala namang signipikanteng nagawa. Samantala, nabunyag din na mayroong ₱77 milyong di pa naiuulat na gastusin ang Office of the President.

₱138.7 milyong "cash advances" di pa naiuulat ni Norberto Gonzales. Si National Security Adviser Norberto Gonzales ang isa sa mga punong upisyal ng Malakanyang na may pinakamalalaking nakuhang *cash advances* na walang paliwanag. Kumuhang siya ng mahigit ₱138 milyong pondo mula pa noong 2002 nang siya'y hirangin ni Arroyo bilang Presidential Adviser on Special Concerns. Hanggang ngayo'y wala siyang anumang pag-uulat sa mga pinakagastusan ng mga kinuha niya. Sinabi lamang niyang ginamit niya ang mga ito sa "*operations*." Hindi pa kabilang dito ang ginastos din niya nang walang pag-uulat mula sa mas malaking "*confidential and intelligence fund*" ng Malakanyang mula nang hirangin siya bilang punong upisyal paniktik nito. Hindi ipinaiilamin sa pagsusuri ng Commission on Audit ang mga pondong ito na umaabot sa mahigit ₱1.2 bilyon taun-taon. Bilang National Security Adviser, hawak ni Gonzales ang ₱150 milyong bahagi ng pondong paniktik, bukod pa sa hiwalay na ₱50 milyon taunang upisyal na badyet pang-operasyon ng tanggapan niya.

₱20 milyon na naman mula sa nabawing nakaw na yaman ng mga Marcos, nawawala. Naisiwalat na nawala nang parang bula ang ₱20 milyon mula sa ₱53 milyong nabawing nakaw na yaman ng mga Marcos. Ang pondo, na inilipat sa Office of the President mula sa nakumpiskang deposito ng mga Marcos sa Switzerland na hawak ng Department of Land Reform (DLR) ay naiulat na nawawala matapos repasuhin ng Commission on Audit (COA) ang kinahinatnan nito. Ayon sa COA, noong December 2004 ay inilipat ng DLR ang pondo sa President's Social Fund bilang tulong umano sa "*agrarian reform communities*" na nabiktima ng bagyong Winnie at Yoyong. Ipinasa naman

umano ng Malakanyang ang pondo sa Department of National Defense-National Disaster Coordinating Council (DND-NDCC). Ngunit kahit isang sentimo ay walang nakarating dito. Pinagtatahan din ng mga awditor ng COA kung bakit inilipat pa ang pondo sa NDCC na mayroon namang sariling ₱700 milyong taunang badyet.

Kung tutuusin, ang nawawalang ₱20 milyon ay maliit na bahagi at pinakahuli lamang sa malaking halaga nang nawawala mula sa kabuuang nakumpiskang mga deposito ng mga Marcos sa Switzerland na nagkakahalagang ₱624 milyon (₱35 bilyon). Ang kalakhan nito'y hindi na matagpuan laluna't kung saan-saang katiwalian ito pinaggagamit ng rehimeng Arroyo.

Mas nauna nang naisiwalat ang pagkuha ng DLR ng ₱544 milyon mula sa pondong ito, at pagkuha rin ng Department of Agriculture ng ₱728 milyon dito para umano sa pamamahagi ng abono sa mga magsasaka, pero sa aktwal ay ginamit para sa kampanyang elektoral ni Arroyo noong 2004. Mula sa hawak nitong pondo mula sa nabawing yaman ng mga Marcos, naglabas din ang DLR ng ₱541 milyon para umano sa mga proyektong pang-irigasyong may mga kadududang mga benepisyaryo. Mahigit ₱3 bilyon pa ang inilabas ng DLR at ipinamahagi sa mga kongresman at gubernador na kaalyado ni Arroyo sa pamamagitan ng CARP Implementing Agencies (CIA) para umano sa mga kahilingan sa gamot at suplay-medikal, mga gastos sa paglalakbay, bayad sa seguro at suporta sa mga iskolar, pambayad sa mga "konsultant" at iba't iba pang pinakagastusan na walang anumang kaugnayan sa reforma sa lupa. Umaabot sa ₱254 milyon ang ginagastos taun-taon ng DLR para lamang pambayad sa mga "konsultant" nito.

AB

Mga martir ng Hacienda Luisita, pinarangalan

PINARANGALAN nitong Nobyembre 16 ang pitong welgistang napatay sa tinaguriang "Hacienda Luisita Massacre" may dalawang taon na ang nakararaan at pito pang masusugid na tagasuporta nila na biktima rin ng pamamaslang ng mga *death squad*. Pinakamataas na parangal ang iginawad ng mga myembro ng United Luisita Workers' Union (ULWU), Central Azucarera de Tarlac Labor Union (CATLU), Bayan Muna (BM) at iba pang mga progresibong organisasyon kina Jesus Laza, Jhaye Basilio, Juancho Sanchez, Jessie Valdez, Jun David, Jaime Fastimo at Adriano Caballero na nabuwal nang salakayin ng mga sundalo at armadong gwardya ang kanilang piktelyn noong Nobyembre 16, 2004; at kina Ricardo Ramos, presidente ng CATLU; Tirso Cruz, direktor ng ULWU; lider magsasakang si Marcelino Beltran; Ben Concepcion, Bayan Muna-Tarlac *secretary general*; Tarlac City Councilor Abelardo Ladera; Fr. William Tadena ng Iglesia Filipina Independiente (IFI); at Obispo Alberto Ramento ng IFI.

"Utang namin sa kanila ang anumang tagumpay na tinatamasa ngayon ng komunidad sa Hacienda Luisita," ani Rene Galang, presidente ng ULWU. Pangunahing tagumpay ang pagbabasura sa "stock distribution plan" na ipinatupad ng maneydsment ng asyendang pagmamay-ari ng pamilyang Cojuang-

co; at ang unti-unting pagtransporma sa plantasyon ng tubo tungong lupaing tinatamnan ng palay, gulay at iba pang produktong pagkain. Sa kabilang banda, nagpapatuloy ang kanilang pakikibaka para igit ang pagpapalawak sa mahigit 1,000 ektaryang lupang wedeng tamnan ng mga produktong pagkain; pagtatanggol sa karapatang anihin ang nakatanim nang mga tubo na naipanalo nila sa negosasyon habang nakawelga; pagpapatupad sa ₱125 na sweldo kada araw; paglalantad at paglaban sa mga pekeng organisasyon tulad ng Peace Foundation at Demokratikong Katipunan ng Magbubukid ng Pilipinas; pagpapalayas sa mga pwersang militar sa mga baryong sakop ng Hacienda Luisita; at pagpapatalsik kay Gloria Macapagal-Arroyo bilang pangulo.

Natuloy ang paggunita sa ikalawang anibersaryo ng masaker sa Hacienda Luisita sa kabilang mga pananabotahe ng reaksyunaryong militar. Kabilang dito ang paghahagis ng mga "metal spike" o matutulis na bakal sa dinaanan ng *solidarity caravan* na pinamunuan nina BM Rep. Satur Ocampo. Habang binabaybay nila ang daan patungo ng Barangay Burot, Tarlac City, nakita ng grupo nina Ocampo ang paghagis sa daan ng mga "metal spike" ng mga lalaking nakasakay sa motorsiklo. Dahil dito, nasira ang mga gulong ng limang sasakyen.

Planong pambobomba sa Gaza, napigilan ng kilos-masa

MATAGUMPAY na naisanggalang ng daan-daang Palestino ang dalawang bahay sa Beit Lahiya, Gaza Strip sa Palestine na bobombahin sana ng Israel nitong Nobyembre 19. Ang naturang mga bahay ay pag-aari nina Mohammed Baroud at isa pang lokal na lider ng Hamas, ang namumunong partido sa Palestine.

Ang dalawang lider militante ay tumanggap ng babala mula sa Israeli Defense Forces na target ng pambobomba ang kanilang tirahan. Sa halip na lumikas, humingi ng suporta ang dalawa sa kanilang mga kapitbahay na agad namang nagtipun-tipon sa mga lansangan, mga balkonahe at sa bubungan ng mga bahay sa paligid. Tumulong

din sa pagmomobilisa ang mga lokal na moske at istasyon ng radyo.

Sa harap ng pulutong na sumisigaw ng "Kamatayan sa Israel! Kamatayan sa Amerika!" walang nagawa ang mga pwersang Israeli kundi iuromg ang planong pambobomba.

Gayunman, nagpatuloy ang pambobomba ng Israel sa ibang bahagi ng Gaza Strip. Sa Gaza City, isang Palestino ang napatay at siyam ang nasugatan nang bombahin ng isang eroplanong Israeli ang isang kotse. Apat sa mga nasugatan ay mga bata.

Pinakahuli lamang ito sa malaon nang kampanyang pambobomba ng Israel sa mga hinihina-

lang tirahan ng mga lider at myembro ng Hamas. Noong Nobyembre 8, labinsiyan na Palestino ang napatay nang bombahin ng Israel ang ilang magkakatabing bahay sa bayan ng Beit Hanoun.

Mariin itong kinundena ng gubyernong Palestino na nanawagan sa UN Security Council na talakayin ang naturang pambobomba. Nitong Nobyembre 17, isang resolusyon ang ipinasa ng UN General Assembly na nananawagan sa Israel na iuromg ang mga tropa nito sa Gaza Strip at nagmumungkahi ng pagsisiyasat sa karumal-dumal na pambobomba. Bumoto laban sa naturang resolusyon ang Israel, US at Australia.



ANG

Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxism-Leninismo-Maoismo

Taon XXXVII Blg. 22

Nobyembre 21, 2006

www.philippinerevolution.net

Editoryal

Mabigat na hatol ng mamamayang Amerikano laban sa rehimeng Bush

Sa pamamagitan ng kagaganap na eleksyon sa US, itinakwil ng mamamayang Amerikano ang rehimeng Bush at ang mga patakaran nitong pumipinsala sa mamamayang Amerikano at mga ina-mpi nitong bansa. Sa pamamagitan ng kanilang mga boto, ipinamalas nila ang labis na pagkamuhi sa korap, sinungaling, anti-mamamayan at mapanupil na paghahari ni Bush at ng kanyang pangkat ng mga ultra-Kanang konserbatibo.

Sa naturang eleksyon—sa pagitan pangunahanin ng dalawang magkaribal na kampo ng malaking burgesya sa US— inilampaso ang Republican Party ni George W. Bush at nakuha ng mga Democrat ang mayorya ng mga pwesto sa Senado, Kongreso at mga lokal na pamahalaan. Nagwakas ang mahigit isang dekadang paghahari ng mga Republican.


Pinakatampok sa tinututulan ng mamamayang Amerikano ang paglulunsad ng rehimeng Bush ng di makatarungang gera laban sa Iraq. Ang gerang ito ay todong sinuportahan ng partidong Republican at pinakinabangan ng malaking burgesyang kaanib nito. Nagngangalit ang mamamayang Amerikano sa napakalaking pinsalang idinulot ng

gera sa mamamayan ng US bukod pa sa pagsagasa nito sa kasarinlan at kagalingan ng mamamayan ng Iraq.

Di mapahupa ang galit ng mamamayan ng US sa pagkakalantad ng pagsisinungaling ng rehimeng Bush. Nalantad na pawang gawa-gawa lamang ni Bush at ng matataas niyang upisyal ang paratang na kabilang sa arsenal ng gubyernong Saddam Hussein ang mga sandata para sa maramihang pamiminsala at ang akusasyong nakikipag-alaysa raw ito sa teroristang al Qaeda. Ginalawa ito upang bigyang-katwiran ang di makatarungang pagsalakay at pagwasak ng US sa Iraq noong 2003 at patuloy na okupasyon ng US dito.

Lalo lamang nalantad ang pagiging buaan ng rehimeng Bush nang pilit nitong palabasin na matagumpay ang mga patakaran nito sa Iraq kahit napakalinaw na bigo ang US na sawatain ang lumalakas na paglaban ng mamamayang

Iraqi. Nasa ubod ng lahat ng ito ang hegemonistang doktrinang "preemptive strike" at permanenteng "gera kontra-terorismo" ni Bush, at unilateral na pagbalewala sa pambansang kasarinlan ng ibang bansa, mga alituntuning internasyunal, mga pinirmahang



Mga tampok sa isyung ito...

Internasyunal na pagbatikos kay Arroyo

PAHINA 6

Ibayong paramihin ang mga platur ng BHB—PKP

PAHINA 9

Umaalingasaw na korapsyon

PAHINA 11

Mga instruksyon sa paglilimbag

- 1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- 2.** Pag-*print* sa istensil:
 - a) Sa *print dialog*, i-check ang **Print as image**
 - b) Alisin ang *check* sa **Shrink oversized pages to paper size**
 - c) I-click ang **Properties**
 - d) I-click ang **Advanced**
 - e) Tiyaking naka-set sa **100%** ang **Scaling**
 - f) Ituloy ang pag-*print*
- 3.** Hinhikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa *angbayan@yahoo.com*